**BAITANG 10**

**IKA-APAT NA MARKAHAN**

# ARALIN 2

Pangalan: ____________________

Baitang at Pangkat: ____________________

**SINO AKO?**

**Panuto:** Basahin ang pahiwatig tungkol sa isang propesyon. Alamin kung anong propesyon ito at tukuyin ang inklusibong katawagan para sa propesyon —hindi batay sa kasarian kundi sa tungkulin nito.

| | |
|---|---|
| Ako ay lumilipad sa himpapawid at nagdadala ng mga pasahero sa iba't ibang lugar. | |
| Ako ay nagdidisenyo at lumulutas ng mga teknikal na suliranin. Maaaring ang aking proyekto ay kalsada, tulay, o makinarya. Gamit ko ang talino at pagkamalikhain upang makatulong sa pamayanan. | |
| Ako ay gumagabay sa mga mag-aaral sa kanilang pag-aaral. Ako ay nagtuturo ng mabubuting asal at mahahalagang kaalaman araw-araw sa paaralan. | |

**Gabay na Tanong:**

1. Madali ba o mahirap hulaan ang mga propesyon? Aling propesyon ang pinaka-nagulat ka sa nakita mong gumaganap nito? Bakit?

2. May mga propesyon bang madalas nating iugnay lamang sa lalaki o babae? Bakit kaya?



LIVEWORKSHEETS